



*“Malibang itayo ng Panginoon ang bahay, walang kabuluhang nagsisigawa ang nagtatayo.”  
Salmo 127:1*

## Mga Panalangin base sa mga Layunin ng Laudato Si para sa mga pamayanan na Nakikilahok sa Laudato Si Action Platform

### Linggo - Mga Parokya at Diyosesis



Panginoon ng mga Nilikha , ipinanalangin namin ang aming mga parokya at diyosesis , nawa ay pakinggan nilang Daing ng Daigdig at itaguyod ang malinis na enerhiya , tiyakin ang malinis na hangin at tubig para sa lahat , protektahan ang lahat ng lyong nilikha , ang iba'tibang anyo ng buhay at partikular ang klima . Muli nawa naming matuklasan ang aming orihinal na bokasyon bilang tagapangalaga ng aming nag-iisang tahanan at ng isa'isa .

### Lunes - Mga Pamilya



Mapagmahal sa mga maralita , kami ay nananalangin para sa lahat ng pamilya na nawa sila ay “ ang lugar kung saan ang buhay - ang biyaya ng Diyos - ay malugod na tinatanggap at pinangangalagaan ”. Higit nawa nilapakinggan ang Daing ng mga Maralita at magsikhay tungo sa kabuuan ng buhay para sa lahat, higit lalo sa mga mahihina at mga napabayaang miyembro ng ating pamilya.

### Martes - Ekonomiya



Mapagbigay na Panginoon , tulungan mo kaming “ pag-isahin ang iba't ibang larangan ng kaalaman , kasama ang “ekonomiya” at maitaguyod ang mga bagong modelo ng integral na pag-unlad “. Nawa ay mapagsikapan naming kumilos tungo sa isang bagong pananaw na pang-ekonomiya na naglilingkod para sa kabutihan ng tanan , na “ walang napag-iwanan”.

### Miyerkoles - Mga Pagamutan



Mapagkalingang Panginoon , kami ay nananalangin na nawa , ang aming mga institusyon , higit lalo ang mga pagamutan at mga sentro na tagapangalaga ng kalusugan ay magkaroon ng kakayahang mangalaga . Maunawaan nawa namin at mapahalagahan kung paanong ang mga konkretong pagkilos at simpleng paraan ng pamumuhay ay maging daan para mabuhay ang iba at umunlad

### Huwebes - Mga Institusyong Pang-edukasyunal



Diyos ng Kaalaman at Kabutihang - loob , tulungan mo kaming mamuhay sa pagkakaisa , responsibilidad at mapagmahal na pangangalaga “ Maitaguyod nawa ng aming mga paaralan at mga unibersidad ang edukasyon na makatutulong na mapanumbalik ang pakikipagkasundo sa aming mga sarili , sa kapwa , sa kalikasan at sa iba pang mga nilikha at sa Diyos.”

### Biyernes - Mga Grupo at mga Organisayon



Santisima Trinidad , tulungan Mo ang aming mga kilusan , NGO's , mga sentro ng komunikasyon at lahat ng pangkat na nagsisikap para sa kabutihan ng tanan , na magkaroon ng pandaigdigang pagkakaisang ispiritalidad na nagmumula sa misteryo kung sino ka , ang magkakaugnay-ugnay na pamayanan ng pagmamahal.

### Sabado - Mga Relihiyoso



Diyos ng Pakikipagkaisa , itulot mo nawa na kami ay maging pamayanan ng nagkakaisang pagkilos at adbokasiya , para sa Daigdig at para sa mga dukha . Tulutan mo ang mga relihiyosong komunidad lalo at higit na maging tagapagpahayag na pinunong lingkod sa pangangalaga ng ating nag-iisang tahanan at sa kapwa nating mga nangangailangan.